ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KUNG MAY SUNOG SA AKING GUSALI?

PAG-ACTIVATE NG FIRE ALARM SA IYONG MATAAS NA GUSALI

MAY SUNOG BA SA IYONG SUITE?

OO

LUMIKAS SA PINAKAMALAPIT NA LABASAN

Tingnan ang mga pahina sa loob ara sa higit pang impormasyon

HINDI

MANATILI SA IYONG SUITE, KUNG LIGTAS NA GAWIN ITO

Tingnan ang mga pahina sa loob ara sa higit pang impormasyon

ANG KALIGTASAN SA SUNOG AY NAGSISIMULA SA IYO

PAG-IWAS

Iwasang magkaroon ng sunog sa iyong tahanan.

PAGTUKLAS

Maglagay ng gumaganang smoke alarm sa lahat ng baitang at sa labas ng lahat ng lugar na tulugan at magkaroon ng gumaganang carbon monoxide alarm sa labas ng lahat ng lugar na tulugan.



TUMAKAS

Maghanda at magsanay sa iyong tahanan para sa plano ng pagtakas sa sunog... alamin kung ano ang gagawin at kung saan pupunta kung kailangang lumikas.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kaligtasan sa sunog sa mataas na gusali at impormasyon sa maraming wika, magtanong sa namamahala sa iyong gusali o makipag-ugnay sa Toronto Fire Services (Mga Serbisyo para sa Sunog ng Toronto) sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 o bumisita sa

www.toronto.ca/fire/prevention

toronto.ca/fire

Toronto Fire Services

@ Toronto_Fire

TFStalk@toronto.ca

Toronto_Fire_Services

(416-338-9050) or 311

SUNOG

SA IYONG

MATAAS NA GUSALI

KALIGTASAN SA SUNOG SA MATAAS NA GUSALING APARTMENT AT CONDOMINIUM

Ang mga taong naninirahan sa isang mataas na gusaling apartment o condominium ay kailangang mag-isip nang maaga at maging handa sakaling may emerhensya sa sunog.

ANG MATATAAS NA GUSALI AY IDINISENYO

UPANG MAGING LIGTAS

- Ang mga sahig, dingding, at kisame ay nagbibigay ng panghadlang sa pagkalat ng sunog, at ang mga pinto ng suite ay dapat awtomatikong magsara upang protektahan ang mga pasukan
- Ang bawat palapag ay may access sa hindi bababa sa 2 hiwalay na hagdang labasan na nagbibigay ng protektadong daan sa labasan
- Ang fire alarm system ay nagbibigay ng maagang babala sa mga umookupa ng kondisyon ng sunog
- Ang mga modernong gusali ay madalas na mayroong:
  1) Voice komunikasyon system, na ginagamit ng mga tauhang nangangasiwa para mag-anunsyo tungkol sa loklasyon at mga kondisyon ng sunog
  2) Mga sprinkler system para direktang buhusan ng tubig ang pinagmumulan ng sunog
  3) Mga balkonahe (o mga bintana) na gagamitin para sa sariwang gangin kung pumasok ang sunog sa iyong suite

ANG KALIGTASAN SA SUNOG AY

NAGSISIMULA SA IYO

Alamin ang gagawin kung magkakaroon ng sunog sa iyong gusali. Ito ang pinakamahusay na paraan upang protektahan ang iyong sarili at ang mga nakapaligid sa iyo.

- Kausapin ang iyong landlord, superintendente o tagapamahala ng gusali
- Alamin ang mga pamamaraan sa emerhensya
- na nakasulat sa planong pangkaligtasan para sa sunog sa gusali
- Lumikha ng plano ng pagtakas sa tahanan at magsanay kasama ang bawat isang nasa iyong tahanan
- Ang bawat sunog ay naiiba Dapat kang agad na kumilos kapag narinig mo ang alarm o natuklasan ang sunog
- Tandaan, karamihan sa mga tao ay namamatay sa usok, hindi sa sunog. Narito ang gagawin:

KUNG MAY SUNOG SA IYONG SUITE

Kung may sunog sa iyong suite, hindi ligtas na manatili sa loob? Lumayo sa nakalalasong usok!

- **Agad na lumikas ang bawat isa**
- Isara, ngunit huwag i-lock, ang lahat ng pinto
- Hilahin ang pulang fire alarm pull station sa tabi ng hagdanan ng iyong palapag at sumigaw ng “fire” (“sunog”)
- Lisanin ang gusali gamit ang pinakamalapit na exit stairway (hagdanan para sa labasan)
- Huwag gamitin ang elevator.
- Huwag na huwag pumunta sa bubungan, umaakyat ang usok! Naka-lock ang mga pintong papunta sa bubungan at maaari kang makulong
- Tawahan ang fire department (departamento para sa sunog) sa 9-1-1 mula sa isang ligtas na
- lokasyon. (Huwag na huwag ipagpalagay na nagawa na ito)
- Makipagtagpo sa mga bumbero kapag sila ay dumating at ipaalam sa kanila kung nasaan ang sunog
- Sa oras na makalabas, manatili sa labas
- Huwag bumalik sa gusali hanggang sa ipaalam sa iyo ng fire department na ligtas nang gawin ito



KAPAG NARINIG MO ANG FIRE ALARM

Manatili sa iyong suite hanggang sa mailigtas ka o hanggang sa masabihan kang umalis.

1. Kung wala ang iyong suite ang sunog, ligtas kang manatili roon. Ang mga dingding, sahig, at kisame sa iyong suite ay gawa sa kontruksyong hindi nasusunog at poprotektahan ka sa usok at sunog.

2. Huwag papasukin ang usok sa iyong suite. Gumamit ng duct tape para isara ang mga lagusan sa palibot ng pinto at lagyan ng mga basang tuwalya ang ibaba nito. Sarhan ang mga vent at daluyan ng hangin sa parehong paraan.

Kung nagsisimulang pumasok ang usok sa iyong suite (at hindi ka makalikas):

1. Tumawag sa fire department sa 9-1-1 at ipaalam sa kanila kung nasaan ka at pagkatapos ay lumipat sa balkonahe. Isara ang mga pinto sa likod mo.

2. Kung wala kang balkonahe, pumunta sa silid sa pinakawalang usok, isara ang pinto at selyuhan ito ng malapad na tape at mga tuwalya. Kung kailangan, buksan ang pinto para sa sariwang hangin. Ipakita sa mga tauhan para sa emerhensya kung nasaan ka sa pamamagitan ng pagsasabit ng kumot mula sa bintana o balkonahe.

3. Manatiling nakababa sa sahig kung saan mas malinis ang hangin.

4. Makinig sa mga tagubilin mula sa mga awtoridad.